# Maluluwag na pautang para sa maliliit na negosyo at nonprofit ng

**ANG SMALL BUSINESS FLEX FUND 2** ng Washington ay isang mapagkukunang makatutulong sa iyo upang palaguin ang iyong negosyo. Suportado ng Washington State Department of Commerce (Kagawaran ng Komersiyo ng Estado ng Washington) ang Pondo na tumutulong sa maliliit na negosyo at nonprofit sa pag-access ng suportang pinansiyal na kailangan ng mga ito upang magtagumpay.

SMALL BUSINESS flexFUND

# Pautang na angkop para sa maliit na negosyo – *upang magawa mo ang susunod na hakbang.*

## SMALL BUSINESS FLEX FUND 2

**Maraming maliliit na negosyo at nonprofit sa estado ng Washington ang dumaranas ng malalaking balakid sa pag-access sa mga mapagkukunan ng pinansiya na kailangan ng mga ito upang umunlad at lumago.**

**Layunin ng programang ito na makapaglaan ng mga dekalidad, maluluwag, at abot-kayang produkto ng pautang para sa mga ito sa pamamagitan ng isang network ng mga tagapagpautang mula sa komunidad na aprobado ng Department of Commerce.**

### ANG MGA KALIPIKADONG NEGOSYO AY MAYROON DAPAT NG SUMUSUNOD

- Mas kaunti sa 50 empleyado
- Taunang kitang mas mababa sa $5 milyon
- Hindi bababa sa isang taon ng pagnenegosyo bago ang panahon ng pag-apply

### MAGAGANDANG RATE NG INTERES

- Humiram ng hanggang $250,000
- Mga rate na mas mataas nang 1-4% sa rate ng WSJ Prime
- Di-nagbabagong rate ng interes para sa buong panahon ng pautang
- 36 hanggang 72 buwang termino ng pautang
- Walang parusa para sa maagang pagbabayad

### MALUWAG ANG PAGGAMIT SA PAUTANG

- Suweldo
- Mga utility at renta
- Marketing at advertising
- Pagpapaganda o pagkukumpuni ng gusali
- Iba pang gastusin sa negosyo

Ang Small Business Flex Fund 2 ng Washington ay hindi natatawarang programa ng pautang. Kailangang bayaran ng humiram ang buong halaga ng pautang nang may interes sa loob ng 3 hanggang 6 na taong termino.

SMALLBUSINESSFLEXFUND.ORG

Washington State Department of Commerce

# Mas malakas ang mga komunidad kapag nagtatagumpay ang maliliit na negosyo.

Mapa-restaurant, propesyonal na tagapagbigay-serbisyo, tagapagmanupaktura, lokal na sakahan o nonprofit sa komunidad, ang maliliit na negosyo at lokal na organisasyon ay tumutulong sa ating mga komunidad upang magtagumpay, habang lumilikha ng mga trabahong may ambag sa kalagayan ng ekonomiya ng ating buong estado.

**SMALL BUSINESS FLEX FUND 2**

**MALULUWAG AT ABOT-KAYANG PAUTANG**

**DI-NAGBABAGO AT MAGAGANDANG RATE NG INTERES**

**36-72** BUWANG TERMINO NG PAUTANG

**$250,000** HUMIRAM NG HANGGANG

**1-4%** ANG ITINAAS SA RATE NG INTERES NG WSJ PRIME

### NAIIBA SA MGA TRADISYONAL NA PROGRAMA NG PAUTANG

Layunin ng Small Business Flex Fund 2 na bawasan ang mga balakid sa mga mapagkukunan ng pinansiya kapag tinanggal ang iskor ng kredito o mga partikular na kinakailangang kolateral at bayarin sa pinagmulan na sinisingil nang hiwalay sa mga gastusin sa pagsasara. Puwedeng igugol ang mga pondo sa maluwag na paraan batay sa mga pangangailangan at layunin ng iyong negosyo.

## Mga lokal na tagapagpautang sa komunidad na nakatuon sa iyong tagumpay

**HANDA NA KAMI. USAP TAYO!**

Ang Small Business Flex Fund 2 ng Washington ay may isang network ng mga tagapagpautang mula sa komunidad na maraming dekada nang tumutulong sa maliliit na negosyo at nonprofit sa Washington mula sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran at walang sapat na pagbabangko. Ang mga tagapagpautang na ito mula sa komunidad ay puwedeng gumabay sa iyo sa bawat hakbang ng proseso ng pautang.

SMALL BUSINESS flexFUND

## ANO ANG DAPAT ASAHAN

Ang mga interesadong humiram ay maagang mag-a-apply sa online portal sa **SmallBusinessFlexFund.org.**

Sa pamamagitan ng portal, ang mga kalipikadong humiram ay itutugma sa lokal na tagapagpautang mula sa komunidad.

## PAANO MAG-APPLY

Pumunta sa **SmallBusinessFlexFund.org**

KUMONEKTA SA IYONG LOKAL NA TAGAPAGPAUTANG MULA SA KOMUNIDAD, NGAYON!

Washington State Department of Commerce

SMALLBUSINESSFLEXFUND.ORG

**DISCLAIMER**: Dahil sa limitadong bilang ng makukuhang pondo at sa dami ng inaagapang aplikasyon, inaasahang hindi makatatanggap ng pautang ang lahat ng aplikante. Ang mga aplikasyon ay susuriin ayon sa pagkakatanggap sa mga ito at pangangasiwaan upang masuportahan ang mga layunin ng programa. **Inirerekomenda naming mag-apply na sa lalong madaling panahon.**

Ang State Small Business Credit Initiative (SSBCI, Inisyatiba sa Kredito ng Maliit na Negosyo ng Estado) ng Washington ay naglalaan ng lubos na kinakailangang kapital para sa maliliit na negosyo at nonprofit sa buong Washington, partikular na sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran at walang sapat na pagbabangko noon pa man. Ang SSBCI ay pinangangasiwaan ng Department of Commerce ng Estado ng Washington sa pakikipagtulungan sa Department of Treasury (Kagawaran ng Ingat-yaman) ng U.S. at mga institusyong pinansiyal sa buong estado. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa https://bit.ly/wa-small-biz-loans.